Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-21 NG ABRIL, 2014 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pagpupulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. Diony de la Torre | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | Konsehal |

x---------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 14-04-082

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIDALAMHATI AT PANGUNGULILA NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO SA PAGYAO NI GINOONG RENATO P. MERLIN**

"**SAPAGKAT,** noong umaga ng Huwebes Santo, Abril 17, 2014, si Renato Merlin ng Sityo Aplaya, Barangay Poblacion ay yumao na dahil sa isang malubhang sakit sa edad na 41 taong gulang;

"**SAPAGKAT,** si "Nats" na siyang karaniwang tinatawag sa kanya ng kanyang pamilya, mga kamag-anak at mga kaibigan ay naglingkod sa Bayan ng Bulalacao ng mahabang panahon sa ilalim ng Tanggapan ng Pambayang Inhenyero na itinalaga sa Sistemang Patubig na kung saan siya ay nagpakita ng kasipagan at totoong serbisyo, nagtatrabaho kahit sa gabi masiguro lang ang maayos, malinis at tuloy-tuloy na patubig sa buong bayan

"**SAPAGKAT,** si Nats ay isang masunurin at magalang na anak sa kanyang mga magulang, isang mapagmahal na asawa at ama sa kanyang apat na anak na nagsikap na maitaguyod ang kanyang pamilya sa kanyang sariling pamamaraan, isang mabuting mamamayan na handa maglaan ng kanyang sarili at panahon para sa matagumpay na gawaing pambayan;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay isang malaking dagok na nagbigay ng masidhing pighati at kalungkutan sa kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan, subalit, kaligayahn na rin at tagumpay para kay Nats na siya ay isiping naitanghal at kupkop na ng mapagpalang kamay ng Poong Maykapal na Siyang lumikha ng lahat; Kung kaya't dahil dito;

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA;** Na magpahayag ng taus-pusong pakikidalamhati at pangungulila ng Pamahalaang Bayan ng Bulalalcao, Silangang Mindoro sa pagyao ni Ginoong Renato P. Merlin

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Dexter R. Gonzales na pinangalawahan ni Konsehal Gideon B. Abuel . . .

**PINAGTIBAY":** Abril 21, 2014, Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**GIDEON B. ABUEL**
Konsehal

**EMELITA A. OSORIO**
Konsehal

**EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**SENEN C. FAMILARA**
Konsehal

**DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**DENNES M. FANER**
Konsehal

**DIONY M. DELA TORRE**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 04 24 14

140422/PLP/jpc